Edward G. Brown

Propesor na G. Thomas Adams ng Arabe at silanganing pag-aaral sa Unibersidad ng Cambridge.

- "… isang paggunita sa madugong parang ng Kerbela, kung saan ang apo ng Apostoles ng Panginoon ay bumagsak, matinding pinahirapan ng uhaw at napaligiran ng mga bangkay ng kanyang kamag-anak, ay mula noon pang sapat na makapukaw, kahit na sa yaong mga pinakawalang-hambag at pabaya, ng mga pinakamalalim na damdamin, pinakamatinding galit, at ng isang pagparangal ng diwa kung saan hapdi ng kalooban, panganib at kamatayan ay mga abubot lamang."
  [*A Literary History of Persia*, London, 1919, p. 227]

✶ ✶ ✶ ✶ ✶

Ignaz Goldziher

(1850-1921) Tanyag na oryentalistang pantas na Unggaro.

- "Mula noong maiitim na araw ng Karbala, ang kasaysayan ng pamilyang ito… ay isang magkakasunod na hanay ng mga paghihirap at pagkakausig. Ang mga ito ay isinasalaysay sa mga tula at prosa, sa isang mayamang panitikan ng mga martirolohiya—isang ikinatatangi ng mga *Shi'ah*—at bumubuo ng tema ng mga pagtitipon ng mga *Shi'ah* sa unang ikatlong bahagi ng buwan ng Muharram, na ang ikasampung araw nito *('ashura)* ay itinuturing na anibersaryo ng trahedya sa Karbala. Mga tagpo ng trahedyang ito ay itinatanghal sa araw na ito ng paggunita sa pandulang paraan *(ta'ziya)*. 'Ang aming mga araw ng pagdiriwang ay ang aming mga pagtitipon ng pagluluksa.' Ayon sa pagtatapos ng isang tula ng prinsipe ng disposisyong *Shi'i* habang ginugunita ang maraming *mihan* ng pamilya ng Propeta. Pananangis at pananaghoy sa mga kalupitan at pagkakausig na sinapit ng pamilya ni 'Ali, at pagluluksa para sa martir nito: ito ang mga bagay na hindi mahintuan ng mga tapat na tumataguyod sa panig. 'Mas makabagbag-damdamin kaysa sa luha ng mga *Shi'ah*' ay naging Arabeng kasabihan pa."
  [*Introduction to Islamic Theology and Law*, Princeton, 1981, p. 179]

✶ ✶ ✶ ✶ ✶

Edward Gibbon

(1737-1794) Itinuturing na pinakamagiting na Britanyong mananalaysay sa kanyang panahon.

- "Sa isang malayong panahon at klima, ang nakapanlulumong tagpo ng kamatayan ni Hosein ay makakapukaw ng simpatiya ng pinakawalang-habag na mambabasa."
  [*The Decline and Fall of the Roman Empire*, London, 1911, tomo 5, pp. 391-2]

Para sa karagdagang kaalaman hinggil kay Imam Husayn at sa trahedya sa Karbala, dumalaw sa:

http://al-islam.org/faq/

v1.0

Huwag ninyong isiping patay yaong mga nasawi sa landas ng Panginoon. Kundi, sila ay buhay, na may sustento mula sa kanilang Panginoon
(Qur'an 3:169)

Ano ang Sinasabi ng mga Hindi Muslim hinggil kay…

Husayn

ANG IKA-3 KAHALILI NG PROPETA MUHAMMAD
(Sumakanila Nawa ang Kapayapaan)

Si Imam Husayn ay apo ng Propeta Muhammad, sumakanila nawa ang kapayapaan, na minartir ng masamang hukbo ng kalupitan. Ito ay isang koleksiyon ng mga maiikling sipi hinggil sa kanya mula sa iba't ibang mga tanyag na hindi Muslim mula sa iba't ibang bahagi ng mundo.

Peter J. Chelkowski

Propesor ng Pag-aaral ng Gitnang Silangan, Unibersidad ng New York.

- "Tinanggap ni Hussein at lumisan sa Mekka kasama ang kanyang pamilya at isang pangkat ng humigit-kumulang na pitumpong mga alagad. Subalit sa kapatagan ng Kerbela sila ay tinambangan ni…kalipa, Yazid. Bagaman ang pagkatalo ay tiyak, si Hussein ay tumangging sumumpa ng katapatan sa kanya. Habang napapaligiran ng napakaraming hukbo ng kaaway, si Hussein at ang kanyang pangkat ay nanatiling walang tubig sa loob ng sampung araw sa nagbabagang disyerto ng Kerbela. Sa wakas, si Hussein, ang mga may sapat na gulang at ilan sa mga lalaking bata sa kanyang pamilya at ang kanyang mga kasamahan ay hiniwa-hiwa ng mga palaso at espada ng hukbo ni Yazid; ang kanyang mga kababaihan at mga naiwang kabataan ay hinuli bilang mga bihag ni Yazid sa Damaskus. Ang tanyag na mananalaysay na Abu Reyhan al-Biruni ay nagsasaad, "…pagkatapos ang kanilang mga kampamento ay sinunog at ang mga bangkay ay niyurak ng mga paa ng kabayo; walang sinuman sa kasaysayan ng sangkatauhan ang dumanas ng kasingtulad na mga kalupitan."

  [*Ta'ziyeh: Ritual and Drama in Iran*, New York, 1979, p. 2]

★ ★ ★ ★ ★

Simon Ockley

(1678-1720) Propesor ng Arabe sa Unibersidad ng Cambridge.

- "Pagkatapos si Hosein ay sumakay sa kanyang kabayo, at kinuha ang Koran at inilagay sa kanyang harapan, nagtungo sa mga tao, at inanyayahan sila sa pagsasagawa ng kanilang tungkulin, at kanyang idinugtong: 'O Panginoon, Ikaw ang aking pinagkakatiwalaan sa bawat ligalig, at ang aking pag-asa sa lahat ng mga kagipitan!'… Pagkatapos pinaalalahanan niya sila tungkol sa kanyang katayugan, kamaharlikaan, kabantugan ng karapatan, at kanyang dakilang angkan, at sinabi, 'Ipagpalagay ninyo sa inyong mga sarili kung taong katulad ko ay mas mabuti kaysa sa inyo o hindi; ako ang anak ng anak na babae ng inyong propeta, na maliban sa akin wala nang iba sa ibabaw ng lupa. Si Ali ang aking ama; si Jaafar at Hamza, ang pinuno ng mga martir, ay kapwa aking mga tiyuhin; at ang apostoles ng Panginoon, sumakanya nawa ang kapayapaan, ay nagsabi hinggil sa akin at aking kapatid na lalaki, na kami ang pinuno ng mga kabataan sa paraiso. Kung kayo ay maniniwala sa akin, ang aking sinasabi ay katotohanan, dahil taimtim akong sumusumpa sa Panginoon na ako ay hindi nagsinungaling magmula ng akong nagkaroon ng pag-unawa; sapagkat ang Panginoon ay napopoot sa kasinungalingan. Kung hindi kayo naniniwala sa akin, magtanong sa mga kasamahan ng apostoles ng Panginoon [dito kanyang sinabi ang kanilang mga pangalan], at ganoon din ang kanilang sasabihin sa inyo. Hayaan ninyo akong bumalik sa dating katayuan.' Sila ay nagtanong, 'Ano ang sumasagabal sa kanya na mapasailalim sa pamamahala ng iba sa kanyang mga kamag-anak?' Kanyang sinagot, 'Ipinagbabawal ng Pangioon na aking isuko ang aking karapatan sa napakahamak na paraan. Ang Panginoon ang aking dulugan mula sa bawat punong mapaniil na hindi naniniwala sa araw ng pagtutuos.' "

  [*The History of the Saracens*, London, 1894, pp. 404-5]

Reynold Alleyne Nicholson

(1868-1945) Propesor na G. Thomas Adams ng Arabe sa Unibersidad ng Cambridge.

- "Si Husayn ay bumagsak, tinamaan ng palaso, at ang kanyang mga magigiting na alagad ay hiniwa-hiwa sa kanyang tabi hanggang sa pinakahuling tao. Ang tradisyon ni Muhammad, na may mga madalang kataliwasan, ay magkakaparehong salungat sa dinastiyang Umayyad, at tumuturing kay Husayn bilang martir at kay Yazid bilang pumatay sa kanya."

  [*A Literary History of the Arabs*, Cambridge, 1930, p. 197]

★ ★ ★ ★ ★

Robert Durey Osborn

(1835-1889) Medyor ng Kawani ng Kuwerpong Bengal.

- "Si Hosain ay may isang anak na nagngangalang Abdallah, na may isang taong gulang lamang. Sinamahan niya ang kanyang ama sa katakot-takot na paglalakbay na ito. Nang tumimo sa kanyang puso ang mga iyak nito, nilagay niya ang sanggol sa kanyang mga bisig at lumuha. Sa sandaling ito, isang palaso mula sa mga kaaway ang lumbagos sa tainga ng bata, at ito ay pumanaw sa sinapupunan ng kanyang ama. Inilagay ni Hosain ang munting bangkay sa lupa. 'Tayo ay mula sa Panginoon, at sa Kanya rin ang ating patutunguhan!' ang kanyang sigaw; 'O Panginoon, bigyan Mo ako ng lakas nang aking matiis ang mga sakunang ito!'… Habang namumutla dahil sa uhaw, at malatang-malata dahil sa mga sugat, siya ay lumaban nang may matinding kagitingan, at nakapatay ng ilan sa kanyang mga kaaway. Sa wakas siya ay tinamaan sa likuran; sa sandali ring ito isang sibat ay isinaksak sa kanyang likuran at nagpabagsak sa kanya; nang ibinalik ng may kagagawan ng huling saksak ang kanyang sandata, ang kawawang anak ni Ali ay gumulong-gulong bilang isang bangkay. Ang ulo ay pinutol mula sa katawan; ang katawan ay niyurak ng mga paa ng kabayo ng mga nagwagi; at sa sumunod na araw ang mga kababaihan at natirang anak na lalake ay dinala sa Koufa. Ang mga bangkay ni Hosain at ng kanyang mga alagad ay iniwanang hindi nakalibing kung saan sila ay nasawi. Sa loob ng tatlong araw nanatili silang nakalantad sa araw at mga hamog ng gabi, mga buwitre at pagala-galang hayop ng dumi; subalit ang mga naninirahan sa kalapit-nayon, na natakot na ang bangkay ng apo ng Propeta ay nakakahiyang napapabayaan sa mga maruruming hayop ng parang, ay humaon sa poot ni Obaidallah, at lumibing sa bangkay ng martir at ng kanyang mga magigiting na kaibigan.

  [*Islam Under the Arabs*, Delaware, 1976, pp. 126-7]

★ ★ ★ ★ ★

G. William Muir

(1819-1905) Pantas at estadistang taga-Eskosya. Nanungkulan bilang Kalihim na Panlabas ng pamahalaang India at Tenyente Gobernador ng mga Hilagakanlurang Probinsiya.

- "Ang trahedya ng Karbala ay nagpasiya hindi lamang sa tadhana ng pagkakalipa, kundi maging sa mga kahariang Mohammedan matagal pa bago humina at naparam ang Pagkakalipa."

  [*Annals of the Early Caliphate*, London, 1883, pp. 441-2]